

Kambak-kambak

“Magakambak-kambak ka ba talaga, Ma’am!”

Sa puntóng Cuyónen, ‘yon agad ang sinabi sa akin ng aking matabíl na sekretarya sa unang araw ko sa Asiaworld Resort Hotel. Sinasabing kinakapitan ng *Kambak-kambak* syndrome ang lahat ng taong mapunta sa Palawan. May gayuma raw kasi ang lalawigan kaya siguradong babalik-balikan. Hindi ko naman gaanong pinansin ang sinabi niyang iyon. Sa isip ko, taga-Bulacan ako, nakikiraan lang ako dito. Alam kong hindi permanente ang pamamalagi ko sa Palawan; uuwi at uuwi ako sa sariling bayan. At pagdating ng panahong iyon, hindi na ako babalik doon.

Marahil ay suwerteng masasabi nang ako ang napiling ipadala ng kompanya sa Palawan gayong marami namang mas senior pa sa akin. Pero mas malamang, isa itong promosyon dahil natuklasan ko ang ginawang anomalya ng isa naming branch manager. Kung sa bagay, ang kailangan nila ay CPA (Certified Public Accountant) para ilagay sa bakanteng posisyon ng financial comptroller doon. Ako lamang ang CPA noon sa main office kaya siguro ako ang ipinadala. Ano’t ano man, isang malaking oportunidad ang Palawan kaya agad ko itong sinunggaban.

Nagtanong din naman ako sa engineer namin na nakapag-inspeksiyon na doon. Maganda raw sa Palawan at tahimik ang lugar. Ang Asiaworld Resort Hotel Palawan (mayroon ding Asiaworld Taipei) ay ang pinakamalaki at nag-iisang 5-star hotel sa Palawan. Masarap daw ang buhay doon. Tamang-tama naman na nang mga panahong iyon ay pagod na pagod na ko sa Maynila. Napakahaba ng biyahe ko araw-araw mula sa bahay ng kapatid ko sa Quezon City

hanggang Escolta. Pag biyaheng Taft ang sinakyan ko, lalakaran ko mula Quiapo; pag biyaheng Pier naman, tatawirin ko ang Jones Bridge para makarating sa opisina. Binura ko na sa pagpipilian ang pagsakay ng LRT dahil nang minsang sinubukan ko, mas napalayo ang aking biyahe. Nahihilo ako sa amoy ng Ilog Pasig na nalalanghap ko kapag binubuksan ang mga bintana ng opisina tuwing brown out. Nakapanghihina ang mausok na hangin na nasisinghot ko sa araw-araw. Iyon siguro ang dahilan kung bakit ako naging sakitin. Dalâng-dalâ na rin ako sa trapik tuwing Biyernes, araw ng simbang-Quiapo. Idagdag pa ang penitensiya kapag umuulan; bihira ang dyip na dumadaan. Makikipagbalyahan ka para makasingit. Kung minsan, sa sobrang hirap mag-abang ng masasakyan, parang gusto ko na lang humilata sa bangketa at doon na lang matulog. Wala na akong lakas para umuwi ng bahay. Hindi ko rin mapag-abot ang kinsenas at katapusan; sapat lang sa pamasaha at pangkain ang sweldo ko. At higit sa lahat, hindi ako masaya sa opisina dahil panay matatanda ang aking kasama. Wala nang dahilan para manatili ako roon. Kung hindi mababago ang aking kapalaran, uuwi na lang ako sa Bulacan.

Setyembre 7, 1993 nang inihatid ako sa Palawan ni Mr. Benito Dy, ang Managing Director. Maliit lang ang airport ng Puerto Princesa City. Tatlong beses lang sa isang linggo ang flight galing at papuntang Maynila. Sinundo kami ng *pulang van*. Wala pang sampung minuto ang biyahe mula airport hanggang Barangay San Miguel kung saan nakatayô ang hotel. Habang daan, nakikita ko ang mga bahay na natataglawan ng ilaw ng sasakyan— panay kubong yari sa sawali at kugon. Walang kongkreto. Madalang ang tao at sasakyan sa lansangan. Parang gusto ko na uling bumalik ng Maynila.

Pagdating sa hotel ay sinalubong kami ng welcome drinks at cold towel. Medyo napawi ang aking aliwaswas na pakiramdam. Maluwang at malinis ang lobby. Makintab ang sahig na marmol gayundin ang mga muwebles. Tahimik. Centralized na mahinang background music

lamang ang maririnig. May nagtse-check in kaya dito? Walang tao sa front desk maliban sa cashier at clerk. Nag-register kami ni Mr. Dy. Ang registration card ko ay minarakahan ng “in-house” at sa tapat ng room ay isinulat ang “108”.

Inihatid ako ng bellboy sa aking kuwarto. Maluwang iyon para sa isa; double room kasi ang classification nito. Ibig sabihin, pang-dalawang katao talaga ito kaya dalawa ang kama. Hindi ko alam kung bakit iyon ang ibinigay sa aking kuwarto. Hindi naman ito depektibo. Ayos na ayos itong pang-guest. Ang comfort room ay maluwang at may bath tub pa. At siyempre, kumpleto ako ng amenities gaya ng refrigerator/mini bar, towel at toiletries. Agad kong binuksan ang Pringles at kinain. Iyong Pokka mango juice naman sa ref ang ginawa kong panulak. Ang sarap. Nagdidighay ako nang nag-ring ang telepono. Magdi-dinner na daw kami.

Maraming restaurant ang hotel: ang Seven Dragon Chinese Restaurant, Yoko Japanese, Rum Keg Bar, Tagpuan Graden Grill at Café Plaza. Mayroon ding lobby bar, music bar, cowboy bar, at dance bar na nagse-serve din ng pagkain. Mayroon ding iba’t ibang function hall para sa events at occasions. May malaki, may maliit; depende sa dami ng guest. Pinakamaluwang ang Grand Ballroom na kayang lumulan ng 1,200 guests.

Sa Yoko raw kami kakain ni Mr. Dy kasama si Cristy Sy, ang Purchasing Manager na kinuha din sa opisina sa Maynila. Nasa lower ground floor ang Japanese restaurant na iyon. Pinakamaliit ito sa lahat ng restoran ng hotel. Hindi masyadong popular ang pagkaing Hapon sa Puerto kaya madalang itong magkatao. Si Mr. Dy, ito ang outlet na paborito. Solo namin ang lugar. Napakalamig. Nakasuot ng makulay na kimono ang waitress. Unang idinulot sa amin ang appetizer— hilaw na pink na isda. Hindi naman ako nagpahalata sa pagkamangha. Ginaya ko lang kung ano ang ginagawa ni Mr. Dy gaya ng paggamit ng chopsticks, pagpiga ng calamansi sa hiwâng isda, at pagtimpla ng sawsawan. Ibinabad niya ang isda sa toyo na may “green paste” at

pagdaka'y isinubo. At gayon din ang ginawa ko. Aba, malambot ang isda; parang malulusaw sa dila. Napapikit ako nang nagsimula akong ngumuya. Gumuhit ang nanunuot na anghang mula sa ilong ko hanggang sa mga mata. Pakiramdam ko'y umuusok ang aking mga tainga. Naghalo ang aking sipon at luha pagkatapos ng unang subo. Hindi na 'ko umulit. Hindi lang siguro ako mapagtawanan ni Mr. Dy. Ang mga sumunod niyang order ay pawang lutô na gaya ng ebi tempura, tonkatsu, at yakisoba noodles kaya naging madali na para sa akin ang pagkain. Simula noo'y paborito ko na ang Japanese food. Agad akong nakatulog nang gabing iyon dahil na rin sa pagod.

Kinabukasan ng umaga ay may meeting ang lahat ng department head para ipakilala ako, ang bagong Financial Comptroller ng hotel. Iniikot ko ang aking tingin sa mga pinuno ng bawat departamento. Ang nangungusap nilang mga mata ay iba-iba ang ibig sabihin— mayroong tila nagsusumbong at mayroon namang tila nagbababalâ. Nakaramdam ako ng tensiyon. Nagpakilala nang maikli ang bawat isa. Pagkatapos ng meeting sa conference room ay dinala ako sa kabilang kuwarto, ang aking opisina. May sarili akong opisina! Katapat nito ang accounting office at sa dulo niyaon ay may isang opisina pa, ang kay Baby Miranda, ang Accountant. Si Baby ay isang matandang dalaga at matagal nang nagtatrabaho sa hotel mula pa noong ito ay nasa ilalim ng pamamahala ng Hyatt Regency. At nang mabili ito ng Asiaworld ay siya na rin at ang iba pang pangunahing kawani ang kinuha upang magpatakbo ng hotel. Magaling at istrikto si Baby. Mano-mano ang kanyang accounting. Hindi siya gumagamit ng kompyuter subalit alam niya ang kaliwa't kanan ng pagpapatakbo ng hotel. Hindi nga lamang siya CPA.

CPA ako. Nagtatrabaho na 'ko sa AIC Development Corporation, ang main office ng Asiaworld, nang makapasa ako sa board exams kaya mula sa accounting clerk ay na-promote ako sa pagiging accountant. At pagdating sa Palawan, Financial Comptroller... okey.

Walang subject na Hotel Accounting sa kolehiyo kaya wala akong kamala-malay kung paano ang operasyon nito. Gumawa na lamang ako ng dahilan para mahawakan ko ang accounting manual na nasa pag-iingat ni Baby. Sa gabi, kapag wala nang tao sa opisina, palihim kong binabasa ang manual. Doon ko nalaman ang opisyal na duties and responsibilities ng isang Comptroller. Siya pala ang head ng accounting department at siya ang tatayông officer-in-charge kapag wala ang resident manager. Ganoon! Bente kuwátro anyos lang ako noon.

Kaagad ding ipinakuha ni Baby ang manual sa akin kahit hindi ko pa tapos basahin. Hindi rin niya ipinapakita sa akin ang marami pang dokumento. Halos hindi na nga niya ako binibigyan ng trabaho maliban sa pagpirma ng purchase request, cash voucher at tseke. Mabuti na lamang at nahalal akong chairman ng employees' cooperative. Nadagdan ang aking trabaho at nakatutulong ako sa mga empleyado. Tumindig ang pader sa pagitan namin ni Baby at habang lumalaon, pataas nang pataas ang pader na yaon. Ramdam iyon ng mga accounting staff na bagaman mga kasing-edad ko lamang ay hindi ko magawang barkadahin dahil naaasiwa sila sa akin. Naaaya ko rin silang lumalabas paminsan-minsan. At dahil ako ang boss, sagot ko ang gastos. Gusto ko silang kaibiganin. Gusto kong makipagpalitan ng karanasan sa kanila pero tila ang mundo nami'y magkaiba. Naiinggit ako pag magkakasabay silang umuuwi. Ang saya-saya nila habang ako'y naiwan. Nag-iisa. Malungkot palang talaga sa ituktok.

Pagkatapos ng opisina sa hapon, pupunta na ako sa aking kuwarto. Mga bandang alas siete ng gabi, maghahapunan ako kung saang outlet ko mapili. Pagkatapos kumain, balik na naman ako sa kuwarto. Nagagambala lamang ang aking pag-iisa kapag may problema. Dahil sa hotel ako tumutuloy, lagi akong on-call. Bagaman in-house din ang aming biyudong Resident Manager, madalas din siyang wala dahil *sinusundo't hinahatid* niya ang kanyang sekretarya.

Pagpasok sa opisina ay noon lamang siya mag-aalmusal—hinahatdan siya ng waiter. Matatapos siyang kumain nang bandang alas diyes at noon pa lamang magsisimula ang kanyang araw.

Pag ikaw ang puno ng isang departamento, dapat alam mo ang lahat ng trabaho dito. Minsan, hindi makita ng night auditor kung saan ang mali sa billing ng isang group of guests. Hindi ito mabala-balanse. Check out na nila kinabukasan. Tinawagan ako ng Front Office at doon ay hinimay-himay namin ang lahat ng kanilang transaksyon. Siyempre kailangan kong ipakita sa tao ko na alam ko ang trabaho bagaman ang totoo, hindi! Natuto ko tuloy pindutin ang cash register. Nabalanse ang nasabing account sa ganap na ika-2 ng umaga. Ikinataba iyon ng aking puso sapagkat pakiramdam ko’y isang napakalaking accomplishment ang aking nagawa. Kahit halos walang itinulog, maaga pa rin akong nakapasok. Usap-usapan naman sa buong admin office ang aking nagawang “kabayanihan”.

Kung minsan, madaling araw ang dating ng eroplano kaya maaga ang sundo ng guests. Para hindi antukin, naisipan ng aming driver na magkape muna sa isang karinderyang bukás 24-oras. Lihis iyon sa ruta papuntang airport. Paliko sa kaliwa ang *pulang van* nang bigla itong banggain ng isang rumaragasang SUV. Tanggal ang pinto sa driver’s seat at wasak ang harapan ng sasakyan. Tinawagan ako ng aming telephone operator at malumanay na sinabi, “Ma’am, may **kaunti** po tayong problema.” Well-trained talaga ang aming staff.

Nagpahatid ako sa isa pang driver gamit ang service car ng Resident Manager para puntahan ang pinangyarihan ng aksidente. Pero bago iyon— dahil wala akong karanasan sa mga ganoon— dumaan muna ako sa kapilya para magtanong sa aming ministro kung ano ang dapat kong gawin. Magpatawag daw ako ng pulis para imbestigahan ang pangyayari. Pagdating sa lugar, nanlumo ako nang nakita ko ang van. Hindi mo iisiping mabubuhay ang sakay. Hindi na namin inabutan ang aming drayber. Wala naman daw itong tinamong pinsala ayon sa isang saksi.

Sa kabutihang palad, anak pala ni Congressman Mitra ang may-ari ng nakabanggang SUV at ayaw nilang lumaki pa ang isyu kaya madali ang naging usapan. Dahil kasalanan ng kabilang panig, sinagot nila ang pagpapaayos ng aming van. Samantalang ang aming driver, hindi na nagpakita forever.

Hindi lahat ng naaaksidente ay mapalad; mayroon ding minamalas. Nagdiwang ng kaarawan ang isang taga-Front Desk. Dumalo ang mga kapwa empleyado. Nagkainuman. Inabot sila ng hatinggabi. Noong uwian na, iniangkas ni Irvin (bellboy) si Peter (driver) sa kanyang motor. Nalubak. Nahulog ang angkas. Nabagok ang ulo. Dinala sa Palawan Provincial Hospital. Sa emergency room, inabutan ko si Peter na nakalunoy sa sarili niyang sùka at dugô. Umuungol. Walang nars o doktor na dumadalo sa kanya. Ni walang bedsheets ang hinihigaan niyang kama. Alam kong masamá ang kanyang lagay. Dumating ang company doctor namin at siya'ng nag-asikaso. Walang ICU ang ospital. Sa ordinaryong ward lang inilagay si Peter.

Kinabukasan, dinalaw ko si Peter. May túbo sa kanyang bibig at may aparatong tumutulong sa kanyang paghinga. Wala siyang malay o baka mas tamang sabihin na siya'y natutulog dahil siya'y naghihilik. Pero hindi. Hindi hilik ang tawag doon kundi hágok. Malakas. Palakas nang palakas. Bahagyang nakadilat ang kanyang mga mata na panay puti lamang ang makikita. Ibinuka ng doktor ang mga talukap, tinanglawan ng flashlight. Hindi gumalaw ang itim niyaon. Nakauwi na ako sa hotel, nakikini-kinita ko pa rin ang mukha ni Peter. Ipinilig ko ang aking ulo, hindi pa rin siya mawala sa isip ko. Makalipas ang tatlong araw, si Peter ay pumanaw.

Mas gusto kong alalahanin ang isang Peter na masayahin. Laging nakangiti. Mapupungay ang mga mata. Pag walang biyahe, tumatambay siya sa lobby. Kinukulit niya ang mga receptionist. Kinagigiliwan siya ng mga guest. Pag nagsalita siya, ako'y natatawa dahil ang

letrang P ay binibigkas niya nang F; ang B ay binibigkas niya ng V; at vice versa. Sayang, wala na si Feter.

Kung sino pa ‘yong ayaw kong makita, siya namang laging nakabalandra. Iyong gym instructor namin, pag may event, laging andoon lalo na’t mga prominenteng tao ang bisita. Sa laki ng kanyang mga masel, hindi puwedeng hindi siya mapansin. Kahit hindi oras ng pasok niya, papasok siya. Bawal sa lobby ang mga empleyado pero siya, labas-masok doon. Hindi siya sa employees’ entrance nagdadaan. Pinagbigay-alam ko na iyon sa Personnel Manager pero wala siyang magawa dahil kadikit iyon ng Resident Manager (RM). Pag pinagkukuwentuhan namin ang dalawang ‘yon, gumagamit kami ni Cristy ng call sign: Shit 1 para sa Resident Manager at Shit 2 para kay Gym Instructor. Si Shit 1 ay matanda na nagbibinata. Dati siyang manager sa isang 3-star *government hotel* sa Ilocos. Lagi siyang late kung pumasok gayong sa second floor lang naman siya nakatira. Malalaman mo pag parating na siya dahil malayo pa lang, uubo-ubo na. Patpatin at baluktot ang kanyang katawan. Nag-away sila ni Cristy. Nagkasagutan sa lobby. Napabalik si Cristy sa AIC. Si Shit 2 naman ay English-speaking at mukhang mayaman kaya nagtataka ‘ko kung bakit siya nagtitiyaga sa kakarampot na suweldo. Napakamistryoso. Dahil dito, gumawa ako ng sariling pananaliksik tungkol sa kanyang pagkatao hanggang sa umabot ako sa opisina ng EIIB (Economic Intelligence and Investigation Bureau). Ipinakita sa akin ng Palawan EIIB head ang isang folder na may nakasulat na pulang mga letra, “CONFIDENTIAL”. Naglalaman iyon ng imbestigasyon tungkol sa isang malaking drug syndicate na kinabibilangan ni Shit 2. Shit, nanlamig ang buong katawan ko! Para akong sinemento sa kinauupuan. Ano ba itong napasukan ko? Ikinuwento ko sa aking kaibigang ministro ang natuklasan ko. Pinayuhan niya ako na manahimik na lamang. Delikado raw ang aking ginagawa. Hindi nagtagal, bigla na

lang nawala si Shit 2. Nagkaonsehan kaya sila ng mga kagrupo? Kung ano man iyon, salamat, Panginoon.

Mahaba ang mga araw ko sa Palawan. Mabagal lumipas ang mga oras. Malungkot pag walang pasok. Nag-iisa ako sa kwarto. Nagmumukmok o kaya ay nanood na lang ng telebisyon pag pagod na ang mata ko sa pagko-cross stitch. Kung minsan, naiiyak na lang ako nang hindi ko namamalayan. Umaabot pa na nangangaykay ang aking katawan sa kaiiyak na di mapigilan. Naglulunoy ako sa lumbay. Pakiramdam ko, ako'y unti-unting namamatay.

Nagtatrabaho si Gordon, ang aking nobyo, sa Korea. Kailangan niyang makaipon ng pera bago kami mag-asawa. Long distance call ang aming komunikasyon. Libo-libo ang halaga ng tawag noon. Wala pa kasing internet. Mas lalo akong maiinip kung sulat lang niya ang aking aasahan. Hindi siya matiyagang lumiham. Ako nama'y mahilig magsulat. Iginagawa ko rin siya ng mga tula. Ang sweldo ko, halos sa bill lang ng telepono napupunta. May libre naman akong tiket sa eroplano kada tatlong buwan para makauwi. Minsan sa inip, dumudukot na 'ko sa sariling bulsa para ipambili ng tiket.

Gumagawa rin naman ako ng lakad para malibang. Pag holiday, nag-a-outing kami. Dahil authorized naman akong pumirma ng trip ticket, ginagamit namin ang sasakyan ng hotel. Kumpleto ang cast: may driver, cook at waiter. Isa sa hindi ko malilimutang lakad namin ay sa Nagtabon Beach. Maputik at baku-bako ang daan noon. Yari sa kahoy at sira sira ang mga tulay. Mahaba at matagal ang biyahe. Nakarating naman kami sa aming destinasyon bago gumabi. Kinabukasan, magtatampisaw na sana kami nang may makita kaming malaking ipuipo sa gitna ng dagat. Itim na itim iyon at bumubulusok pababa. Lumilikha ito ng hukay sa kanyang dinaraan. Hinihigop paitaas ang tubig at ibinubuga din naman. Paano na lamang kung nagkataong may naglalayag na bangkâ sa laot? Siguradong nakapanghihilakbot. Palapit ito nang

palapit sa pampang. Nagtakbuhan kami at nagkanya-kanyang hanap ng masisilungan. Mahina na ang ipuipo nang sumapit sa lupa. Tanging mga dahon na lamang ang kaya nitong liparin. At nang nasiguro naming mahina na talaga ito ay saka lang kami lumabas sa pinagtaguan. Nang naipon kami ay nagkatawanan na lamang. Hindi na kami naligo. Kumain lamang at lumakad na rin pauwi. Ilang beses kaming nabalaho sa mala-tsokolateng putik. Pati ang mga babae ay tumulong na rin sa pagtutulak ng Kia Ceres. Matagal na kaming nagbibiyahe ay hindi pa kami makalayo-layo. Naeengkanto raw kami. Putikan na halos ang buo naming katawan. Aandar lamang nang kaunti at hihinto uli ang sasakyan dahil nabalaho na naman. Sa wakas, bagaman ginabi ay nakauwi rin kami sa hotel nang ligtas at buhay. Hindi ko maipaliwanag sa RM kung bakit ganoon ang naging hitsura ng sasakyan.

Laging naghahanap si RM ng dahilan para ako'y mabutasan. Maige sana kung totoo. Kung minsan, gagawa siya ng memo na may offense kuno ako. Copy furnished pa ang Manila office pero wala naman akong natatanggap na kopya. Patalikod kung manaksak, lagi namang nahahayag. Pag nagbabakasyon siya, ako ang officer-in-charge. Pag may nagawa akong accomplishment habang wala siya, nagpuputok ang butse niya. Sasabihin niya sa 'kin, "gusto mo na ba 'kong palitan?" Ako'y nangingiti na lamang. Ang isang beteranong hotelier, nai-insecure sa akin. Lumala nang lumala ang kanyang pagpapabaya at nakarating ito sa Boss namin sa Taiwan kaya si RM ay napilitang magresayn. Naging officer-in-charge (hindi ako) ang aming Food and Beverage Manager. Bagaman ako ang next in line 'ika nga, sa bata kong iyon, hindi ako puwedeng maging hotel manager. Sino'ng maniniwala sa akin? Kaya para magmukhang matanda, nagpagawa ako ng salamin kahit di malabo'ng mga mata ko. Lagi ko iyong suot; hinuhubad ko lang pag ako'y matutulog.

Libre ang pagkain ko sa hotel. Pag breakfast at dinner, kahit ano ay pwede kong orderin. Bayad daw iyon sa inip. Ang malungkot nga lang, mag-isa akong kumakain. Pero pag may opisina, masaya. Sa Executive Dining ako nananghalian kasama ang mga department head. Minsan, naiwan pa kami ni Mrs. Java, ang Personnel Manager, dahil hindi matapos-tapos ang aming kwentuhan. Nakatagpo ako ng kaibigan.

Pagkalipas ng isang taon, natapos ang kontrata ni Gordon sa Korea. Umuwi siya ng Pilipinas. Sabay kaming nagbakasyon sa Bulacan. Inalok niya ako ng kasal at tinanggap ko naman. Nangibang-bansa uli siya. Sa pagkakataong iyon, sa Taiwan naman. Ako naman, balik sa Palawan. Malungkot. Sobrang lungkot. Kahit anong sarap ng pagkain, hindi ko malasahan. Sabi nila, para daw akong prinsesa. Nakatira ako sa isang kaharian. Marami akong tagapaglingkod. Sinusunod nila ang lahat ng aking ipinag-uutos. Higit pa sa inasam kong buhay ang natikman ko sa Palawan. Ang nais ko lang ay matakasan ang Kamaynilaan; hindi ko akalain na ganoon kasarap ang aking magiging buhay; ilang hakbang lamang ang layo ng aking pinagtatrabahuan. Subalit sa kabila ng lahat ng kasaganaan, ang puso ko ay may lumbay. Nakaramdam ako ng kahungkagan. May malaking puwang sa aking sarili na kailangang mapunuan. At ang tanging makapupuno niyaon ay si Gordon lamang.

Dumating ang panahon na hindi na ako makapokus sa trabaho. Marami akong nararamdaman sa katawan: nanghihina, kumakabog ang dibdib at hindi mapagkatulog. Nagpatingin ako sa doktor subalit wala namang nakitang sakit sa akin. Parati akong kulang sa tulog kaya parati akong lutang. Gusto ko nang magpalipat sa uli sa Maynila subalit maliit naman ang suweldong inaalok sa akin. Bahala na. Pag nagtagal pa ako sa Palawan, baka mamatay na ako. Mamasyal man ay di ako masaya dahil hindi ko kasama ang aking pamilya. Mas lalo akong

binabalot ng matinding lungkot kapag nakakakita ng dagat. Ang nakikita ko ay walang-hanggang laot. Tila walang búhay sa kabila niyaon. Nakabibingi ang lagaslas ng mga alon.

May punto sa buhay ng isang tao na walang kang nais gawin kundi ang lumagay sa tahimik. Kaya mong talikuran ang lahat sa ngalan ng pag-ibig. *And you will live happily ever after.* Dahil siya ay nasa Taiwan, hiningi ni Gordon sa aking mga magulang ang aking mga kamay sa pamamagitan ng sulat. Mula pagkabata ay kilala naman nila siya kaya napapayag. Ginawa namin ang preparasyon sa aming kasal nang magkalayo. Sa Bulacan na lang kami nagtagpo. Anim na araw bago ang takdang araw saka lamang dumating si Gordon. Ang Housekeeping Manager namin ang nag-ayos ng aming bulaklak sa kapilya at reception. Ninang naman ang Personnel Manager at ninong si Mr. Dy. Makalipas ang labing-isang araw, balik si Gordon sa Taiwan; balik naman ako sa Palawan. Mas matinding lumbay ang aking naramdaman.

Wala nang patutunguhan ang aking career dahil sa murang edad ko, hindi ako maaaring maging resident manager. Total ilang buwan na lamang ay matatapos na ang kontrata ni Gordon, magbibitiw na lang ako sa trabaho. Hindi na rin naman ako produktibong empleyado. Nagsumite ako ng resignation letter isang buwan bago ang effectivity niyon. Nagpaalam ako sa mga empleyado lalo na sa mga nag-alaga sa akin, sa naglilinis ng aking kuwarto at sa nag-aasikaso ng mga damit ko. Mula sa Taiwan ay dumiretso si Gordon sa Palawan upang sunduin ako. Namalagi muna kami doon nang ilang araw para ituloy ang aming naudlot na pulot-gata. Nang iginagayak ko ang mga gamit ko ay hindi ko naikubli sa kanya ang aking pagluha. Nakakapanghinayang din palang talikuran ang buhay kong tinatamasa. Ang mga check booklets kong naipon ay nagpagunita sa akin kung gaano kapangyarihan ang aking pirma. Bukod doon, mahahalagang dokumento ang nagdaan sa aking kamay. At lahat ng iyon ay tatalikuran ko upang magsimula ng pamilya. Napasubsob ako sa kama. Umiyak ako nang umiyak. Hinimas ako sa

likod ng aking asawa. Ang tanging nasabi niya, “hayaan mo, balang araw, magkakaroon ka uli ng opisina.”

Hindi ako nagkaopisina. Hindi kasi ako nag-aplay ng kahit anomang trabaho. Nang mga panahong iyon, hindi ko inisip dugtungan ang aking career. Ang tanging gusto ko sa pag-uwi ay mamuhay sa piling ng aking asawa; ayaw ko nang mag-isa. Siya ang aking prinsipe; ako ang kanyang prinsesa... subalit ang buhay ay hindi fairy tale. Nakagpatayo kami ng bahay mula sa aming ipon at nakapagpundar ng maliit na saka subalit hindi iyon sapat. Pareho kaming walang trabaho. Naubos ang aming pera. Lumipas ang aking ganda. Gustuhin ko mang mag-aplay na ng trabaho, hindi na ako kaaya-aya. Pinahiram kami ng puhunan ng kapatid ko para magnegosyo. Nakakaraos naman kami sa araw-araw at naisauli ang puhunan. Makalipas ang isang taon, nabuntis ako sa aking panganay. Napasok si Gordon sa Philippine National Police bago siya mag-treinta anyos. Nasundan agad ang aming anak. Mas lalo na akong natali sa bahay. Gayunpaman, bawat sandali ng aking pagiging nanay ay nagdudulot sa akin ng kaaliwan. Pogi at malulusog ang aking mga anak. Nang medyo malalaki na sila ay nagtayo ako ng tindahan. Bagaman maliit lamang iyon ay nakadama ako ng kaunting pag-asenso sa sarili. Nalilibang na ako sa pagbabalik ng aking “career” nang mabuntis ako sa ikatlong anak. Naudlot. Nalungkot ako noong una pero nang nalaman kong babae ito ay labis na kaligayahan ang aking nadama. Labis-labis na aliw ang dulot ng aming munting prinsesa. Lalong naging inspirado ang ama.

Hindi na sapat ang kita para sa lumalaking pamilya kaya upang magkaroon ng mas maginhawang buhay, sumubok ng iba’t ibang negosyo si Gordon na pawang nalugi naman. Domino effect; pati ang aking puhunan ay nagamit na pantakip sa kanyang mga kagipitan. Nang dahil sa aming problemang pinansiyal ay naligalig ang aming payapang buhay. Maraming nakisawsaw sa aming problema. May mga maling éspekulasyon tungkol sa aking asawa; siguro

daw ay may ginagawa siyang milagro kaya bumagsak ang kanyang negosyo. Napagbintangan din siya ng kung ano-ano subalit si Gordon ay nanahimik lamang. Pati ako ay hinusgahan ng tao. Ako raw ay gastador kaya naubos ang aming pera. Hindi nila naiisip na ang negosyo ay sugal. Ika'y matatalo kapag wala kang alam. Iyon lang naman ang pagkakamali ni Gordon: ang pumasok sa negosyo na hindi naman niya kabisado. Lugmok ang kabuhayan at pagkatao ng aking asawa. Nang sinuportahan ko siya, ang sabi ng mga tao, ako'y tanga. Kung sino pa yaong mga inaasahan kong sisimpatiya, yaon pa ang mga nanghusga. Kay-hirap tanggapin. Araw-araw akong nililitis, hindi naman ako makaalis. Gustuhin ko mang lisanin ang Bulacan, wala akong mapuntahan. Isa pa'y matanda na ang aking mga magulang para iwan.

Para kang nalugi. Naintindihan ko na kung bakit iyon nasasabi. Pag ang isang tao kasi'y nalugi, hindi lang pera ang nawala sa kanya kundi pati ang puri. Ang dignidad. Pag ika'y nasa itaas, marami kang kamag-anak. Pag ika'y bumagsak, mag-isa kang lalagapak. Wala sa iyong sasalo. Iiwasan ka ng mga tao. Pakiramdam ko'y pinagtitinginan ako pag ako'y naglalakad sa kalsada. Para akong matutunaw. Hindi ko maramdaman na nakakabit ang aking ulo; parang nakalubog ito. Nagtatanong ang kanilang mga mata. Nang-uusig ang mga titig. Nanlalait ang mga bibig. Maraming sabi-sabi at haka-haka. Maraming suntok. Nakadapa na kami'y tinatadyakan pa. Hindi na makailag kaya tanggap na lang nang tanggap.

Oo, noong una'y nagalit ako sa aking asawa. May mga problema siyang inilihim sa akin sa pag-aakalang malulusutan niya iyon bago ko malaman. Baon na pala kami sa utang, wala pa akong kaalam-alam. Nanlumo ako. Nadurog ang pagkatao. Nawalan ng lakas— pisikal at emosyonal. Walang sandaling di ako lumuluha. Gusto nang tumahan ng aking utak ngunit ang puso ko pa ri'y umiiyak. Ang sugat ko'y lalo pang inaasnan pag may bagong tsismis na nakakating kay Nanay. Palibhasa'y nawalan na ng bilib sa amin, pinapaniwalaan na'ng lahat ng

sa kanya'y makakarating. Lumayo si Gordon; hindi ko alam kung saan pumaroon. Hindi kami nagtalo para ang mga bata'y hindi naman malito. Nasumpungan na lamang nilang lumamlam ang aking ilaw. Parati akong nakahiga. Walang lakas. Hindi nakikisalamuha. Kumulimlim ang aming tahanan. Ang mga bata'y tumamlay. Matalas ang kanilang pakiramdam. Hindi man nila alam ang puno't dulo, alam nilang mayroong hindi tama. May ilang buwan din kaming ganoon.

Maraming bagay ang aking kinuwestiyon. Nasabi kong hindi patas ang buhay. Nagmahal ako nang tapat, naging ulirang ina, anak, at kapatid subalit pait ang isinukli sa akin. Bagsak ang aking moral. Isa na 'kong losyang. Nasaan na si Ma'am, ang dating Comptroller sa Palawan?

Natauhan ako nang naapektuhan na ang aking mga anak. Pag ako'y malungkot, sila di'y malungkot. Sinikap kong maging masaya para ang mga anak ko'y mahawa. At paano babangon ang aking asawa kung wala ang aking suporta? Mabuti siyang ama— iyon ang napakalaking katangian na nakita ko sa kanya. Nanumbalik ang magandang pagtitinginan naming mag-asawa. Patuloy siya sa aktibong paglilingkod sa gobyerno. Ginawa ko naman ang mga bagay na nakapagpapasaya sa akin. Nasumpungan ko ang aking sarili na dumadalo sa mga writing workshop. May kaloob pala ako sa pagsusulat. Marami pa pala akong dalang iba pang bagahe. Mas nakilala ko ang aking sarili. Nailabas ko ang aking damdamin; gumaan ang aking dalahin.

“Bakit ka pa nag-aral kung hindi ka rin lang magtatrabaho?” May maniniwala kaya na dati akong executive? Na ang problema ko noon, ako'y bata; ang problema ko ngayon, ako'y matanda? Tinatablan ako ng mga naririnig na salita. Para bagang kapag ikaw ay “maybahay lang” ay wala ka nang silbi sa lipunan. Ayaw ko namang magnegosyo; nagka-trauma na ako. Habang ang asawa ko'y nagpaplano para sa napipintong pagreretiro, ako nama'y naghanap ng trabaho.

Pagluklok ng bagong meyor noong 2016, nag-aplay ako sa munisipyo subalit tila organisadong sindikato na ang inabutan niya doon na hindi na kayang buwagin ng sinomang uupô. Sa kabila ng rekomendasyon at aking mga kalipikasyon— na higit pa sa Municipal Accountant— hindi ako natanggap. Nagsumite ako ng resume sa isang online jobsite na konektado sa iba't ibang kompanya. Tinawagan ako ng isang malaking manufacturer ng metal equipments sa Valenzuela. Gumagawa sila ng mga gamit para sa malalaking hotel at mga sikat na fasfood chain. Malaki ang suweldo ng bakanteng posisyon ng accounting manager. Yaong isang aplikanteng propesor ay isandaan at dalawampung libong piso ang inilagay para sa hinihinging suweldo. Nakakalula. Ganoon pala ang suweldo ng CPA sa ngayon. Napakalaki pala ng nawawala sa akin. Gayunpaman, niliitan ko lang ang aking hinihingi para mas malaki ang tsansa na ako ang mapili. Ang pangunahing kalipikasyon ay dapat CPA at may 5 taong karanasan. Pasók ako. Nagdaan ako sa written exams at dalawang oral interview sa Human Resources Department na pawang naipasá ko naman. May ibubuga pa pala ako. Sa loob-loob ko, magkakaroon na uli ako ng career. Nasa bus pa lang ako pauwi ay nagsimula na akong mangarap. Pinlano ko na ang paglipat namin doon ng aking bunso. Siya na lamang ang aking isasama dahil iyong dalawa ko namang anak ay malalaki na at nasa kolehiyo sa Maynila. Pag weekends na lang kami magkikita-kita sa bahay namin sa Bulacan. Subalit pagsapit ng araw ng aking final interview— sa matandang lalaking Director ng accounting deparment— naging kuwéstiyonable para sa kanya ang matagal kong pagkabakante. Hindi na nila ako tinawagan uli.

Nagpasa ako ng aplikasyon sa public school. Inilakip ko sa aking folder ang aking lisensiya, mga pagkilala, mga katibayan sa pagdalo ng seminar, at kung anu-ano pang kredensiyál. Inilabas ko ang lahat ng aking baraha. Bahala na. Dahil wala akong ideya kung ano ang tinatawag na *ranking*, kulang pa pala ang dala kong dokumento. Walang NBI clearance, at

liham, sinumpaang salaysay at iba pa. Hindi tinanggap. May naawa; binigyan ako ng list of requirements ng isang mabait na staff ng DepEd. Nang pangalawang punta ko, tinanggap na rin ang folder ko. Sumailalim ako sa demo teaching, interview, at written exam (English Proficiency Test). Bagama't ibinigay ko ang lahat ng aking magagawa, hindi na rin ako umaasa dahil napakahigpit ng kompetensiya. Sa edad kong kuwarénta y ótso, ano ang laban ko sa mga batang guro at may mga karanasan na sa pagtuturo? Yaon pala ang tinatawag na ranking sa public school— parang nagdaraan sa butas ng karayom. Lalong tumaas ang respeto ko sa mga public school teacher.

Marami pang kompanyang tumawag o nag-text sa akin. Pag clerical ang posisyon, hindi ko na pinapansin. Ikinukonsidera ko lang kapag hindi naman alangan ang posisyon sa aking kalipikasyon subalit kapag malayo ang interbyu, hindi ko na rin pinupuntahan. Magkakagastos lang ako, wala rin namang patutunguhan. May asawa ako't mga anak na isinasaalang-alang. Ayaw kong gawing komplikado ang aming buhay; ang nais ko ngayon ay simple at payapa lang. Dátapwát kay-ilap ng oportunidad sa mga tulad kong inuna ang pagpapalaki sa mga anak at pag-agapay sa magulang. Kay-hirap muling magsimula. Kay-hirap *ibalik* ang dating pagkatao.

Nagkakatatagpu-tagpo ang mga tao sa virtual na mundo. Dahil sa Facebook, nagkaroon ako ng komunikasyon sa mga dating kasama sa Palawan. Nagtakda sila ng employees' reunion nitong Abril. Ito'y makalipas ang mahigit dalawampung taon ng pagkakatatag ng Asiaworld Resort Hotel. Sabik na sabik akong magkambak-kambak sa Palawan. Bagaman nagkambak na ako noong 2009, hindi naman ako gaanong naka-chika dahil kasama ko ang tatlo kong anak at dumedede pa sa akin noon ang bunso. Nakapasyal naman kami sa sikat na Underground River at nakapag-island hopping sa Honda Bay ngunit hindi ako nasiyahan. May kulang. Sa pagkakataong ito, ako lang mag-isa ang pupunta sa Palawan!

Pinaghandaan ko ang aking kambak-kambak. Nagdiyeta ako sa pagkain at sinipagan ko ang pagsu-zumba. Nagpa-rebond ako ng buhok at nagpaganda. Dalawang klase ang iniinom kong bitamina: ang isa’y para sa kutis at ang isa nama’y pampasigla. Gusto kong ang makita nila ay iyong dati pa ring ako. Hindi naman ako nabigo. Kakaiba ang aking kislap at ganda noong araw ng aking pagbabalik. Halos wala yata akong itinulog; napakaaga ko sa NAIA airport. Sa Puerto naman ay sinundo ako ng van ng hotel na pagdarausan ng aming employees reunion. Libre ang aking accommodation. Sa gabi pa ang party pero maaga pa’y pinuntahan na ako ng ilang dating kasamahan. Sabay-sabay kaming nagtungo sa ballroom. Napakasaya ko nang mga sandaling iyon. Musika sa aking tainga kapag tinatawag akong “Ma’am”. Parang nanumbalik ang dati kong katayuan. Pakiramdam ko’y isang prinsesa na naman. Iniisa-isa kong lapitan ang mga empleyado. Ginunita ko ang bawat close encounter ko sa mga ito. Pamilyar sa akin ang 150 pangalan dahil ang payroll noon ay nagdadaan sa aking kamay pero may mga mukha na hindi ko maalala— iyon ang mga nasa kitchen at engineering na hindi ko noon napagkikikita. Gayunpaman, nagpakuha ako ng litrato sa bawat mesa at sa lahat ng gustong magpakuha. Para akong celebrity na maraming nakikipag-selfie. Iba talaga pag Manila-hired; ang tingin nila sa akin ay nakaaangat.

Kinabukasan, may iginayak palang sorpresa sa akin ang mga dating kasama: may tour kami sa Nagtabon. Iyon yaong beach na may ipuipo noon. Sementado at maganda na ang daan ngayon. Walang nang engkantong nagliligaw. Mabilis ang biyahe namin kaya hindi lang doon kami nakapunta— may waterfalls at mga resort pa. Pawang libre naman ang aming entrance sapagkat silang mga hotelier ay may kanya-kanya nang koneksiyon. Dahil magagaling at masisipag, matataas na ang mga posisyon nila sa kani-kanilang pinapasukan. Ang iba nama’y may sarili nang pension house o rent-a-car business. Nang sumunod na araw ay sa Asiaworld

Hotel naman kami nagpunta. Binalikan ko ang room 108 na naging tahanan ko sa loob ng halos apat na taong pamamalagi ko sa Palawan gayundin ang aking opisina sa admin. Sandali akong nag-ukol ng panalangin na sana'y di na sila muling magpakita sa aking panaginip. Kasunod niyon ay may iba't ibang pasyalan pa kaming pinuntahan. Sa bawat lakad ay apat o higit pa ang mga sasakyan. Sadyang sila'y gumugol at naglaan ng panahon sa akin. Nanliliit ako sa kanilang pag-aasikaso. Sino ba naman ako ngayon? Ano ba ang naitanim ko sa mga ito para tratuhin ako nang ganito? Pagsapit ng gabi, mayroon pang despedida party sa isang bahay-kubo. May inihaw na mga sariwang isda at lamang-dagat. Mayroon ding ginisang gulay, sawsawang kamatis at enseladang talong na bagong ani sa bakuran. Ang bawat isa'y kani-kaniya na naman ng pag-eestimá sa akin. Nang nasabi kong gusto ko ng sabaw, dali-daling may nag-init ng sinigang. Mahaba ang araw na iyon para sa aming lahat; bawat isa'y pagód at puyát. Pagkatapos ng kabi-kabilaang paalaman at pag-aabot ng kanilang pabaon, nagpahatid na ako sa hotel.

Ang ikaapat at huling araw ko sa Puerto ay inilaan ko sa mga bagay na gusto kong gawing mag-isa gaya ng pagninilay-nilay, paglalakad paikot sa bayan at pagkain ng chaolong. Ayaw kong may ma-miss. Ayaw kong may pagsisihan. Gusto kong busugin ang aking isip, kaluluwa, at tiyan. Sa pagbabalik kong iyon, nagawa ko ang lahat ng aking napapanaginipan—ang mga bagay na humahatak sa akin patungo sa Palawan. At higit sa lahat, nabalikan ko ang dating AKO. Uuwi akong magaan ang pakiramdam. Sa susunod na tag-araw, muli akong pupunta sa Palawan.

Pag-uwi ko sa Bulacan, nakatanggap ako ng isang tawag na di-inaasahan. May magandang balita mula sa DepEd. Kalipikado akong magturo sa senior high school. Ako daw ay Rank 8 sa ABM (Accounting, Business and Management) strand.

Magkakambak-kambak na si Ma'am!

